



PATNUBAY SA COVID-19 PARA SA MULING PAGBUBUKAS SA PARA SA MGA OPERASYON NG RETAIL AT SHOPPING CENTER

BINAGO NOONG 7/15/2020

Tandaan: Dahil sa tumataas na rate ng bagong mga kaso at pagkakaospital, ang Alameda County ay inilagay sa Listahan ng Pagsubaybay sa COVID-19 ng Estado noong Ika-12 Hulyo. Alinsunod sa Mga Kautusan ng Estado na inilabas noong Ika-13 ng Hulyo, nangangahulugan ito na simula sa Ika-15 ng Hulyo at hanggang sa karagdagang abiso, ang mga panloob na shopping center at mall ay hindi pinahihintulutan. Ang patnubay na ito ay nabago na upang ipakita ang pagbabagong ito, na ang mga aktibidad ay hindi pinahihintulutan o naaangkop sa panahong ito ay tinanggal.

LAYUNIN NG DOKUMENTONG ITO

Para magbigay ng pangkalahatang patnubay at pinakamahuhusay na kasanayan para sa ligtas na muling pagbubukas. Kontakin ang COVIDRecovery@acgov.org kung may mga katanungan ka o nangangailangan ng teknikal na tulong. Para mga resource ng negosyo, bisitahin ang <http://www.acphd.org/2019-ncov/covid-recovery.aspx>.

TANDAAN: Ang [Alameda County Reopening Plan](#) ay alinsunod sa [Resilience Roadmap ng Estado](#), ngunit magkakaroon ng mga lugar kung saan ang Alameda County ay mas mahigpit kaysa sa Estado. Ang mas mahigpit na patnubay ay nangingibabaw.

MGA KINAKAILANGAN SA NEGOSYO

1. Ihanda at ipatupad ang [Planong Proteksyon na Para Lamang sa Site ng COVID-19](#) batay sa lokal at [patnubay na para lamang sa industriya ng Estado](#)
2. Sanayin ang mga empleyado sa pagsugpo sa COVID-19, pagsusuri sa sintomas, mga takip sa mukha, at kahalagahan ng physical distancing at madalas na paghuhugas ng kamay
3. Ipatupad ang [pagsusuri sa sintomas](#) para sa lahat ng empleyado at huwag pahintulutan ang mga empleyado na nagpapakita ng mga sintomas na pumasok sa trabaho
4. Bumuo ng mga protokol sa paglilinis at pagdisimpekta ng mga kamay
5. Magtatag ng mga patnubay ng physical distancing
6. Tiyakin ang pagsunod sa [Kautusan sa Pantakip ng Mukha ng Alameda County](#) ng lahat ng tao sa inyong lugar ng negosyo (mga customer, empleyado, supply, atbp.)
7. Sundin ang patnubay na ibinigay ng [California Resilience Roadmap](#), lahat ng [Kautusan ng Lokal na Health Officer](#), at naangkop na mga probisyon ng pederal, California, at lokal para sa may bayad na sick leave para sa mga indibidwal na hindi ligtas na nagtatrabaho para sa mga dahilan na nauugnay sa COVID-19 pandemic.

PATNUBAY SA RETAIL AT PINAKAMAHUHUSAY NA KASANAYAN

- Alinmang retail na tindahan na naglalaan ng mga pamimili sa loob para sa mga customer sa ilalim ng mga patnubay na ito ay mahigpit na hinihimok para magpatuloy upang ibigay sa gilid ng kalsada/pagkuha sa harap ng tindahan at/o paghahatid, kung maaari, upang payagan ang mga opsyon ng customer na mamili na hindi kinakailangang pumasok ng mga customer sa loob.
- Ang pamimili sa loob ay maaaring maganap sa pamamagitan ng pagtatalaga at/o sa first come first served na batayan. Dapat limitahan ng tindahan ang pag-okupa nito sa loob sa mas mababang 50% ng normal na pinakamataas na pag-okupa ng tindahan o bilang ng mga tao na maaaring panatilihin anim na talampakan man lamang na physical distance mula sa isa't isa sa tindahan sa lahat ng oras.
- Ang mga indibidwal na negosyo ay maaaring magtatag ng mas mababang limit ng pag-okupa kung gusto.
- Ang mga negosyo ay maaaring magtatag ng mga limit ng oras ng customer sa pag-okupa ng tindahan upang tiyakin ang daloy ng trapiko.
- Tiyakin na ang mga customer ay mananatili sa anim na talampakan man lang mula sa mga empleyado sa oras ng proseso ng pagcheek out sa pamamagitan ng pagkakabit sa mga partision, harang o sa pamamagitan ng ibang mga paraan; o pagkabit ng mga pamprotektang plexiglass screen kung hindi kayang mapanatili ang anim na talampakang distansya, maliban kung kinakailangan para tumanggap ng bayad.
- Isaalang-alang ang pagbibigay ng nakalaang oras ng pagpunta sa loob ng tindahan para sa mga taong may mas mataas na panganib ng malalang sakit mula sa COVID-19.
- Magtalaga ng mga tauhan na laging nasa lugar upang subaybayan ang kapasidad ng tindahan. Ang taong itinalaga ay dapat humiling sa mga customer na pumila na may anim na talampakang distansya sa pinto kung naabot na ang kapasidad ng tindahan.
- Dapat disimpektahin ng mga customer at mga empleyado o magsuot ng guwantes bago humawak ng anumang kalakal. Dapat maglaan ang mga may-ari ng tindahan ng hand sanitizer saanman posible.
- Ang mga sistema ng transaksyon ng hindi kailangan ng cash at hindi hinahawakan ang mas kailangan hangga't posible.
- Kung available, ang mga order, reserbasyon at pagbabayad para sa drive-in na negosyo ay dapat isagawa nang pauna sa online o sa telepono.
- Huwag pahintulutan ang mga sampling at pag-access ng customer sa mga bulk-bin na opsyon.
- Hindi dapat isukat ang mga damit sa retail na tindahan bago bilhin at ang mga silid sa pagbibihis ay mananatiling sarado.
- Maglagay ng mga sticker sa sahig sa mga lugar ng kahera at pilahan para makapagtatag ng ligtas na distansya ng paghihintay.
- Magtatag ng one-way na daloy ng trapiko sa gitna sakaling hindi kayang mapanatili ng mga customer ang anim na talampakang distansya habang dumadaan.
- Lumikha ng isahang pasukan at isahang labasan kung maaari.

- Pangasiwaan ang mga ibinalik sa pinakabagong patnubay ng industriya na magagamit. Dapat patagalin ng mga retailer ang mga item nang 24 oras bago ibalik ang mga iyon sa sirkulasyon para ipagbili. Isaalang-alang ang pagpapalawig ng deadline para sa pagsasauli o mga pagpapalit ng mga item para tulungan ang mga customer na iantala ang paulit-ulit na pagbiyahe patungo sa tindahan hanggang sa mas ligtas na panahon o himukin ang mga customer na ipadala ang mga isasauli o papalitan sa pamamagitan ng delivery service upang mabawasan ang hindi kinakailangang mga kontak.
- Pagbawalan ang mga tauhan mula sa pakikipagkamay at katulad na mga pagbati na lumalabag sa mga protokol ng physical distancing.
- Ang mga negosyong retail na nagbebenta ng bago at gamit nang sasakyan sa antas ng retail ay dapat sumunod sa mga patnubay ng retail sa itaas sa [Patnubay ng Estado para sa mga dealer ng sasakyan](#), gayundin ang mga sumusunod:
 - Dagdagan ang mga distansya sa pagitan ng mga mesa/upuan sa mga showroom at mga lugar ng hintayan para matiyak ang physical distancing sa mga personal na pagpupulong, kung kinakailangan, para matiyak ang physical distancing.
 - Para sa pangangasiwa ng mga tauhan, susundin ng mga dealer ng sasakyan ang [Patnubay ng Estado sa mga espasyo ng trabaho sa opisina](#) para sa pangangasiwa ng espasyo ng opisina.
 - Isang customer lamang ang papayagan sa mga sasakyan sa oras ng test drive kasama ang empleyado na nakaupo sa kabilang likurang upuan. Ang customer at empleyado ay dapat magsuot ng mga takip sa mukha tulad ng ipinag-uutos ng Kautusan ng Health Officer para sa mga Takip sa Mukha sa lahat ng oras, kabilang ang oras ng test drive.

PATNUBAY AT MGA PINAKAMAHUHUSAY NA KASANAYAN SA MGA SHOPPING CENTER (MGA SHOPPING MALL, MGA DESTINASYONG SHOPPING CENTER, MGA STRIP AT OUTLET MALL, AT MGA SWAP MEET)

- Ang mga shopping center sa loob at mga mall ay kinakailangang isara maliban kung maaari nilang baguhin ang pagpapatakbo sa labas o sa pamamagitan ng pick-up.
- Dapat sundin ng mga indibidwal na negosyo sa loob ng mga shopping center, kabilang ang mga food court at kainan ang mga kautusan ng Estado at Lokal, kailanman na nangingibabaw ang higit pang paghihigpit, at patnubay para sa kanilang partikular na industriya.
- Ang pagkain sa loob ay hindi pinahihintulutan sa panahong ito. Ang mga restaurant/food stall na walang upuan sa labas ay dapat maglaan ng takeout/at o delivery.
- Lahat ng pampublikong kaganapan o pagtitipon ng maraming tao kabilang ang musikal o iba pang pagtatanghal sa mga shopping center ay dapat kanselahin o ipagpaliban.
- Dapat isara ang mga palaruan ng mga bata at ibang mga amenity tulad ng mga carousel, rides, o arcades.
- Ang mga shopping center ay dapat magsagawa ng naaangkop na pamamaraan, kabilang ang mga karatulang nakapaskil sa maayos at agad nakikitang mga lokasyon, upang ipaalala sa mga manggawa, mga nangungupahang retail, mga nagtitinda, at ng publiko na dapat silang magsuot ng takip sa mukha at panatilihin ang physical distancing.

- Maglagay ng mga sticker sa sahig sa mga lugar na pinipilahan upang magtatag ng ligtas na distansya sa paghihintay.
- Dapat ilaan ng mga shopping center ang kanilang Planong Proteksyon Para Lamang sa Site sa COVID-19 sa lahat ng mga retail tenant at nagtitinda.
- Higit naming inirerekomenda na dapat makipagtulungan ang mga operator ng shopping center, mga retail tenant, at vendor na makipagtulungan upang:
 - Ibahagi ang impormasyon, pagsasanay, at mga resource;
 - Isaalang-alang ang iba magkahaliling pasukan sa mga pasilidad ng retail tenant;
 - Magsagawa ng mga pamamaraan para sa mga opsyon ng serbisyo sa pag-pick up at delivery; at
 - Isaalang-alang ang mga oras ng pamimili para sa mga oras ng mahihinang populasyon, kabilang ang mga matatanda at mga mahihina ayon sa medikal, lalo na ang mga oras kasunod ng kumpletong paglilinis.
- Dapat isaalang-alang ng mga shopping center ang pagbuo ng quality assurance team para matiyak na ang mga retail tenant at ibang mga vendor ay sumusunod din sa plano ng pagsugpo sa COVID-19, na maaaring maganap sa pakikipagtulungan ng mga retail tenant.
- Dapat isaalang-alang ng mga panloob na mall at shopping center ang pag-install sa nabibitbit na napakabisang panlinis ng hangin, pag-upgrade sa mga pansala ng hangin ng gusali tungo sa pinakamataas na kahusayan hangga't posible, at isagawa ang ibang mga pagbabago para dagdagan ang dami ng hangin sa labas at bentilasyon sa mga loob na espasyo.
- Ang mga kariton, kiosk at booth ng mga vendor sa labas ay dapat isaayos upang hindi makagambala sa binagong mga hakbang sa mga taong naglalakad o ilapat ang mga kahilingan ng physical distancing.
- Ang mga tauhan ng back office na nagtatrabaho sa mga opisina ay dapat sumunod sa [Patnubay ng Estado sa lugar ng trabaho sa opisina](#).